ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 11
Hunyo 7, 2023
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Labanan ang lumalalang pasismo laban sa mamamayang Pilipino

Mistulang mga asong ulol ang mga armadong pwersa ng estado sa walang-habas na paninibasib sa mamamayang Pilipino sa ilalim ng lalong brutal na terorismo ng rehimeng US-Marcos. Higit na nagiging malupit ang gerang ito sa desperasyong patahimikin at lumpuhin ang iba't ibang anyo ng paglaban ng sambayanan upang bigyang daan ang higit na malalalang anyo ng pang-aapi, pagsasamantala at pandarambong.

Sa kanayunan man o kalunsuran, patuloy ang pasistang pananalasa ng mga tauhan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ng Philippine National Police (PNP). Hindi man deklarado, umiiral ngayon ang batas militar sa Pilipinas. Naghahari-harian ang AFP at PNP at namamayagpag ang terorismo ng estado sa buong bansa.


Mahigit isandaang batalyon ng mga sundalo ang nakakalat sa kanayunan, laluna sa mga barangay na nakikibaka ang masang magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa. Kabilang sa mga operasyong ito ang paghamlet sa mga barangay, pagkontrol sa labas-masok ng mga tao, pagblokeyo sa pagkain at iba pa.

Kinokonsentrahan ng AFP ang mga lugar na may nakatayo o balak palawaking mga minahan, plantasyon o proyektong pang-imprastruktura na pag-aari ng mga dayuhang kapitalista o pinopondohan ng dayuhang pautang. Ginagamit ngayong padron ang huwad na "Peace Economy" programa ni Sara Duterte sa Paquibato *district*, Davao City kung saan dinumog ng bata-batalyong armadong pasista ang mga pamayanan upang supilin ang paglaban ng masa, ihele sila ng mga pakitang-taong mga programang "pangkabuhayan" habang inaagawan sila ng lupa ng mga plantasyon ng saging, kape, *oil palm* at iba pa.

Target ng panunupil ng mga operasyong militar ng AFP ang mga lider at aktibistang magsasaka. Kahit walang pruweba, pinararatangan silang sumusuporta sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) upang bigyang matwid ang paggamit ng armadong pagsupil laban sa mga sibilyan. Hindi baba-ba sa 96 na ang biktima ng pamamaslang, kabilang ang apat na bata, mula nang maupo si Marcos, kabilang ang walong magsasaka pinaslang sa Negros nito lamang Mayo 21-27.

Dagdag sa kabi-kabilang kaso ng pamamaslang ang panggigipit, pagdukot at pagtortyur sa mga magsasaka, pagkidnap sa mga bata at sanggol (tulad ni Baby Rhea at Baby Marx), pagsikil sa pamilya ng mga pinagsususpetsahang rebolusyonaryo, at iba pang maruruming taktika sa ilalim ng kampanya ng AFP ng "pagpapasurender" sa mga sibilyan, na tahasang paglapastangan sa mga karapatang-tao at maging sa mga prosesong ligal na itinatakda ng reaksyunaryong batas.

Sa kalunsuran, tuluy-tuloy ang panggigipit sa mga progresibo at demokratikong unyon, samahan ng mga



mala-proletaryado at maralita, mga organisasyong ng kabataan, guro, kababaihan, manggagawang pangkalusugan at iba pa. Tulad sa kanayunan, ang mga ito'y walang ebidensyang pinararatangan ng AFP na sumusuporta sa armadong rebolusyon. Ang mga pabrika, komunidad, kampus, maging mga tanggapan ay pinuputakte ng mga sundalo at pulis sa layuning tiktikan at sindakin ang mamamayan.

Sa kanayunan man o kalunsuran, binubura ng AFP ang pagkakaiba ng mga kombatant sa mga sibilyan upang bigyang matwid ang armadong panggigipit sa mga aktibista at paggamit ng armadong dahas sa pagsupil sa mga demokratikong karapatan. Ang mga lider at aktibong kasapi ng mga organisasyon, pati na ang kanilang mga pamilya, ay minamanmanan, ginigipit at pilit "pinasusurender" kahit pa wala naman silang kinakaharap na kaso.

Dumarami ngayon ang mga kaso ng desaparesido—karamihan mga aktibista, organisador o lider ng masa na iligal na dinudukot ng mga armadong ahente ng estado. Sikreto silang ibinibimbin at isinasailalim sa matinding tortyur—kapwa pisikal at mental—upang isuko nila ang kanilang prinsipyo ng paglilingkod sa bayan at baliin ang kanilang kapasyahang lumaban para sa demokrasya at kalayaan. Ang mga nabali ay pinalalabas na "sumuko." Samantala, ang mga nananatiling matibay ay tuluyang pinapatay—gaya ng pagdukot at pagpatay kamakailan sa mga konsultant ng NDFP sa Negros at Bohol—o tuluyan na lang na iwinawala.

Ang kamay-na-bakal na paghahari ni Marcos ay nakapadron sa paghaharing militar ng ama niyang diktador noong 1972-1986. Todo-todo ang pagsuporta at pag-udyok ng imperyalismong US sa pasistang paghahari ni Marcos sa anyo ng pagbuhos ng mga sandata at ayudang militar, alinsunod na rin sa pang-ekonomya at pampulitikang interes ng US sa bansa at sa rehiyong Asia-Pacific.

Ang paninibasib ng mga pasistang sundalo at pulis sa utos ni Marcos ay nagsisilbi sa pagpapanatili sa mapang-api at mapagsamantalang sistemang panlipunan, pagpapalawak ng pang-ekonomyang interes ng mga panginoong maylupa, malaking burgesyang komprador at kasosyong dayuhang kapitalista, at pagtatanggol sa bulok at talamak-sa-korapsyon na paghahari ng pamilyang Marcos. Habang nabubundat sa pagpapayaman sa poder si Marcos, mga alipures na malaking burukratang kapitalista at pinapaburang negosyante, walang katapusan naman ang pagdurusa ng masang manggagawa, magsasaka at ibang anakpawis, gayundin ang mga petiburges na maliliit na kawani, estudyante at iba pang naghihirap na sektor.

Dapat maigting na magtanggol ang sambayanang Pilipino at puspusang labanan ang walang-habas na paninibasib ng mga asong-ulol na armadong tauhan ng pasistang rehimeng US-Marcos. Kailangan ibayong palakasin ang kanilang organisadong hanay at patibayin ang kanilang determinasyong ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan laban sa paghaharing militar at paghahasik ng terorismo ng estado. Dapat walang-pagod na isadokumento at ilantad ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas at ang mga kasinungalingan ng AFP para pagtakpan ang kanilang mga krimen. Palakasin ang sigaw na Katarungan! para sa lahat ng biktima ng pasistang pamamaslang at pang-aabuso ng mga sundalo at pulis ni Marcos. Itayo at ibayong palakasin sa loob at labas ng bansa ang mga sentro para sa pagtatanggol sa karapatang-tao.

Ang walang patlang na teroristang paninibasib ng mga armadong tauhan ng estado ay lalong gumagatong sa galit ng sambayanang Pilipino sa papet, pasista at pahirap na rehimeng Marcos. Sa kanayunan at kalunsuran, tuluy-tuloy na natutulak ang masa na sumapi sa hukbong bayan bilang tanging paraan nila sa pagtatanggol sa kanilang sarili.

Dapat ibayong palawakin at palakasin ang BHB at ibayong palakasin ang armadong pakikibaka upang ipagtanggol ang buhay at kabuhayan ng masa. Ilunsad ang mga taktikal na opensiba para parusahan ang kriminal na mga sundalo at pulis na nasa likod ng mga pagpaslang at iba pang pananalasa sa masa. Dapat agawin ang mga sandata ng mga pasista upang armasan ang paparaming mamamayang nais lumaban, ibayong palakasin ang hukbong bayan, at isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan para sa panlipunang paglaya at tunay na pambansang kalayaan. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 11 | Hunyo 7, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman


**Editoryal:** Labanan ang lumalalang pasismo laban sa mamamayang Pilipino 1
Pananalasa ng AFP: 25 biktima sa 2 linggo 3
Mapangwasak na epekto ng pambobomba 4
Manggagawang may laban 5
Ibalik sa trabaho ang Wyeth-Nestlé 145! 6
Mga protesta 6
Sa madaling salita 7
Pagdurusa sa pribatisadong kuryente 8
Matrikula sa kolehiyo, pataas nang pataas 9
G7, pang-uudyok ng gera sa Asia-Pacific 10
2 tropa ng 91st IB, napatay sa isnayping 10


Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph @angbayan_1969

# Pananalasa ng AFP: 25 biktima sa 2 linggo

Sampu ang pinatay, 13 ang iligal na inaresto at dalawa ang dinukot sa loob lamang ng dalawang linggong pananalasa ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Siyam sa pinatay ay magsasaka at isa ay sugatang Pulang mandirigma.



Sa Camarines Norte, ginapos at tinortyur bago pinatay ng 9th IB si Romeo Agua, 42, na residente ng Barangay San Jose, Panganiban noong Mayo 15. Si Agua ang ika-16 na biktima ng pamamaslang sa Bicol mula nang maupo sa pwesto si Ferdinand Marcos Jr.

Sa Negros Oriental, nilusob at inistraping ng 16th Scout Ranger Company ang bahay ng pamilyang Babor sa Amumuyong, Barangay Trinidad, Guihulngan City noong Mayo 20. Nasugatan dito si Antonio Babor, 77, at anak niyang si Jurielen Babor, 27. Imbes na gamutin o isugod sa ospital, tuluyan silang pinatay ng mga sundalo.

Noong araw ding iyon, nilusob at pinaulanan ng bala ng 62nd IB ang bahay ng pamilyang Ramirez sa Sityo Napiluan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla sa Negros Occidental. Nasugatan sa insidente ang Pulang mandirigma na si Alvin Bayno (Ka Dagger). Imbes na lapatan ng paunang lunas, sadya siyang pinatay ng mga sundalo. Kasabay nito pinatay ang mga sibilyang sina Evelyn Meren, Julieven Ramirez—mag-asawang may-ari ng bahay—at kanilang kababaryong si Ruben Obidas.

Isa pang sibilyan ang pinatay ng 15th IB noong Mayo 21 sa Sityo Bajay, Barangay Caliling, Cauayan. Papunta ang magsasakang si Gusting Mapos sa kanyang sakahan nang nasalubong at barilin siya ng mga sundalo bandang alas-3:30 ng hapon.

Ilang araw matapos nito, dinakip ng 15th IB si Jonel Bayno, 27, at residente ng Barangay Manlucahoc, Sipalay City. Nakita na lamang ang kanyang bangkay sa Crossing Tanduay, Barangay Camindangan noong Mayo 25. Dinakip din ng militar si Rogelio Lacton, residente ng Barangay Camindangan. Natagpuang patay sa Sityo Sadlum sa naturang barangay noong Mayo 27.

Simula pa Abril 23 inilunsad ng 15th IB ang nakapokus na operaysong militar sa Cauayan at Sipalay City. Sinasaklaw ng mga operasyon ang hindi bababa sa 46 sityo sa pitong barangay sa bayan ng Cauayan, habang hinahalihaw nito ang pitong sityo sa Barangay Camindangan, Sipalay City.

**Pag-aresto.** Sinalakay ng pinagsanib na pwersa ng mga pulis ang bahay ni Adolfo Salas Sr sa Purok 5, Barangay Tubod, Candijay, Bohol noong Mayo 25. Hinalughog ang kanyang bahay sa bisa ng isang *search warrant* at pinalabas na nakuhaan ng pistolang kalibre .45 at isang kalibre .38, maraming bala at isang granada. Kasaping tagapagtatag si Salas ng pamprubinsyang balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na Hugpong sa mga Mag-uumang Bol-anon (HUMABOL-KMP).

Noong Mayo 14, iligal na dinakip ng 11th IB ang bagong-panganak na si Miralyn Fortunado at asawa niyang si Rani Casilao sa Barangay Talalak, Santa Catalina, Negros Oriental. Dinala sila sa hedkwarters ng 11th IB sa Barangay Salag, Siaton. Doon, pinilit si Casilao na "makipagtulungan" at magsilbing giya sa operasyong kombat ng militar.

**Detensyon.** Sampung residente, kabilang ang mga bata at matatanda, ng Sityo Undol, Barangay Talalak, Santa Catalina, Negros Oriental ang iligal na idinetine noong Mayo 17. Pinagbawalan silang lumabas, magtrabaho sa kanilang sakahan at mag-asikaso ng kanilang mga hayop. Bago nito, nagpaulan ng bala ang mga sundalo sa lugar. Ibinunton ng mga sundalo ang kanilang galit sa mga sibilyan matapos ang pagkamatay ng dalawang sundalo noong Mayo 16 sa isang misengkwentro sa pagitan nila at mga pulis sa naturang barangay.

**Pagdukot.** Dinukot ng mga elemento ng 501st IBde ng AFP sina Cedrick Casaño at Patricia Nicole Cierva, mga organisador ng magsasaka at kabataan, sa Barangay Cabiraoan, Gonzaga, Cagayan noon Mayo 18. Matapos ang mahigit kalahating buwan ng sikretong detensyon at sikolohikal na tortyur, ipinresenta silang mga "sumurender na mandirigma" noong Hunyo 2 sa Barangay Bangag, Lal-lo.

Si Cierva ay dating lider-estudyante sa University of the Philippines-Manila at dating upisyal ng mga konseho ng mag-aaral sa buong UP *system*. Si Casano ay dating estudyante ng Polytechnic University of the Philippines. AB

# Mapangwasak na epekto ng pambobomba ng AFP sa kalikasan at mga komunidad

Hindi maitanggi ang mapangwasak na epekto ng walang habas na pambobomba at panganganyon ng Armed Forces of the Philippines sa kalikasan at mga sibilyang komunidad.

Kabilang dito ang pisikal na pinsala sa kapaligiran, mga pagbabago sa kalupaan at pagkasira ng *habitat* o pamumuhay ng *wildlife*, polusyon sa hangin at tubig, ingay, pag-aambag sa *greenhouse gas emissions* na sanhi ng pag-init ng planeta. Pagkawasak naman ng mga tahanan, sakahan, at peligro sa buhay ang ilan sa idinudulot nito sa mga sibilyang komunidad at matataong lugar. Itinutulak nito ang paglikas ng mga residente sa kanilang mga komunidad at tungo sa mga siksikan at walang katiyakang mga sentro ng ebakwasyon.

Sa isang porum na pinangunahan ng grupong Kalikasan People's Network for the Environment (Kalikasan PNE) noong Mayo 24, tinalakay ng mga aktibistang pangkalikasan ang mga partikular na epekto nito sa ilang susing *biodiversity area* sa bansa.

Sa ulat ng grupo, di bababa sa pitong pangunahing *biodiversity area* at mga reserbang kagubatan ang isinapanganib ng pambobomba at panganganyon ng AFP mula Hunyo 2022 hanggang sa kasalukuyan. Sa kabuuan, di bababa sa 62 *endemic species* at mahigit kalahating milyong ektarya ng susing *biodiversity area* ang apektado sa panahong ito. Saklaw ng ulat ng grupo ang mga bundok at kagubatan ng Bukidnon, Cagayan, Kalinga, Occidental Mindoro, Oriental Mindoro, Negros Occidental at Negros Oriental.

Dagdag dito ang pagbagsak ng AFP ng dalawang bomba gamit ang isang *drone* sa Mt. Katarugan sa Barangay Lobo, Cantilan, Surigao del Sur noong Mayo 11. Sa lugar na ito matatagpuan ang kagubatang Cabitoonan, na naglalaman ng di bababa sa 23 *species* ng *endangered* na puno.

Tinalakay din sa porum ang pinsalang dala ng pambobomba at panganganyon na isinasagawa sa mga *war game* sa pagitan ng US at Pilipinas. Sa unang hati ng taon, tatlong *war game* na ang inilunsad sa soberanong teritoryo ng Pilipinas na nagsagawa ng *live-fire exercises* o pagpapasabog ng iba't ibang klaseng bomba na nagsasapanganib sa ekosistema sa kagubatan at karagatan. Kabilang dito ang Balikatan *exercises* noong Abril 11-18, na sinundan ng Kasangga *exercises* kasama ang Australia at ng kasisimula lamang na *naval drills* sa Bataan kasama ang US at Japan.




**Di maipananauli na pinsala**

Mula 2017 hanggang 2022, umaabot sa mahigit 591 ang inihulog na bomba ng AFP, 589 bomba mula sa panganganyon at 74 *rounds* ng pang-iistraping. Naitala ang mga insidente sa mga bundok at kagubatan ng Bukidnon, Cagayan, Kalinga, Samar, Panay at sa mga prubinsya ng Mindoro, Negros, Surigao, Agusan, Davao, Cotabato, Lanao at Maguindanao. Marami sa mga insidenteng ito ay hindi naisisiwalat sa publiko. Sa ilang inaamin ng AFP, inilalarawan ang mga pambobomba bilang "close air support" gayong mas madalas na nauuna ang mga ito sa kanilang tropa sa kalupaan.


Isa sa mga kaso ang mapaminsalang pambobomba sa Saldab Complex noong Nobyembre 2, 2021, kung saan kumalat ang apoy sa tuktok ng isang bundok sa Gabunan, Barangay Dumalaguing, Impasugong, Bukidnon. Ang kagubatan dito ay malaon nang ipinadedeklarang protektado dahil kanugnog ito ng protektadong Mt. Kitanglad Range. Nagsisilbi itong karugtong na *habitat* ng *endemic* na *species* ng mga ibon, kabilang ng Philippine *eagle*.

Sa Panay, nag-iwan ng malalaking *crater* ang bombang inihulog ng militar noong Disyembre 2021. Ang mga butas sa lupa na malapit sa mga sakahan ay may lapad na 20 talampakan at lalim na 15 talampakan. Nagdulot ng troma ang pambobombang sinabayan ng panganganyon.

Pinakabrutal at pinakamalawak na kampanyang pambobomba ang pag-atake ng AFP sa Marawi City noong 2017. Mahigit 1,000 katao ang naiulat na nasawi, at tinatayang aabot sa ₱17 bilyon ang halaga ng nasirang ari-arian at imprastruktura. Hanggang ngayon, hindi pa rin nakauuwi ang mahigit 80,300 katao o 16,070 pamilya na nagsisiksikan sa mga *evacuation center*. Tinatayang umabot sa ₱5 bilyon ang winaldas ng gubyerno para pulbusin ang syudad. AB

Manggagawang may laban:

# Pagtatanggol ng unyon kontra pambubuwag ng Wyeth




Sa 64 taon na pag-iral ng unyon sa Wyeth, iba't ibang pakana ang ginawa ng kapitalista para bawiin ang naipagtagumpay nang mga benepisyo ng mga manggagawa. Naging isa sa modelo ang Wyeth Philippines Progressive Workers' Union (WPPWU) sa mga manggagawa sa bansa dahil sa inabot ng paglaban nito para sa dagdag-sahod, benepisyo at regularisasyon. Sa katunayan, bago ang tanggalan noong Mayo 18 sa 140 na manggagawa, naipaglaban pa nito na gawing regular ang 30 manggagawang kontraktwal.

Ayon kay Debie Faigmani, pangulo ng WPPWU, malaon nang umugong ang balita na magkakaroon ng tanggalan sa pagawaan kaya humiling sila ng pakikipag-usap sa kumpanya. Hindi sila hinarap ng maneydsment at sa halip, isinara ang pagawaan noong Mayo 15-17 para di umano sa "extensive cleaning." Nang pumasok sila noong Mayo 18, hinarang sila sa tarangkahan, hindi pinapasok, at kinausap na lamang nang igiit ng unyon na harapin sila. Dito lamang ipinabatid ng maneydsment ang pagtatangggal sa 140 manggagawa. Sa mga ito, 125 ang *rank-and-file* (kabilang ang 10 upisyal ng unyon), 14 ang superbisor at isang manedyer.

**Pagbili ng Nestlé at serye ng mga iligal na tanggalan**

Ang Wyeth Nutrition Inc. Philippines ay isang kumpanyang gumagawa ng gatas pangsanggol at bata gaya ng Bonakid, Promil, Bonamil at S26. Nagsimula ang Wyeth Philippines noong 1964 sa Makati City bilang unang plantang panggatas sa Pilipinas. Pagdating ng 1992, inilipat ang pabrika nito sa Canlubang, Laguna para mamaksimisa ng kapitalista ang patakaran tulad ng kontraktwalisasyon na inilatag ng Herrera Law at Wage Rationalization na nagtatakda ng mas mababang minimum na sahod sa Region IV.

Naganap ang malawakang tanggalan nang bilhin ng kumpanyang Amerikano na Pfizer ang Wyeth Nutrition noong 2009. Umabot sa halos 7,000 manggagawa ang tinanggal sa iba't ibang pabrika ng Pfizer at Wyeth sa buong daigdig. Sinalubong ito ng higit sa 20 piket protesta ng WPPWU para matiyak ang pananatili ng mga manggagawa sa kumpanya at ipagtanggol ang nauna nang mga tagumpay ng unyon.

Taong 2012, binili ng Nestlé sa Pfizer ang buong Nutrition Division nito sa halagang $11.85 bilyon. Tinagurian itong pinakamalaking pagbili ng Nestlé sa isang kumpanya sa kasaysayan nito. Sa pagbili nito sa kumpanya, nakopo ng Nestlé ang 85% bahagi ng merkado sa gatas pambata na hawak ng Wyeth. Sa China, halimbawa, 4% lamang ang bahagi ng Nestlé sa bentahan ng gatas pangsanggol kumpara sa 8% bahagi ng Pfizer. Pangalawa ngayon ang China sa pinakamalaking merkado ng Nestlé sa buong mundo, at pampito naman ang Pilipinas.

Sa gitna ng krisis sa ekonomya dahil sa malawakang *lockdown*, nakapanatili pa rin bilang isa sa pinakamalalaking korporasyon ang Nestlé sa Pilipinas noong 2021. Mayroon itong ₱134.2 bilyon na pangkabuuang rebenyu at ₱133.9 netong benta. Lumaki pa ang kita nito noong 2022 tungong ₱164.4 bilyon.

**Tanggalan bilang pakana sa pagbuwag sa unyon**

Ikatlo na ang tanggalang naganap noong Mayo 18 sa malakihang tanggalan na hinarap ng mga manggagawa mula nang nabili ng Nestlé ang kumpanya. Noong 2014, tinanggal ang 87 manggagawang kontraktwal kahit nasa abereyds na walong taon na silang nagtatrabaho sa kumpanya. Noong 2021, 21 regular na manggagawa naman ang tinanggal ng kumpanya.

"Kilala na namin ang Nestlé na lumalabag sa mga batas paggawa, hindi tumutupad sa mga kasunduan at CBA, marahas na nambubuwag ng mga welga, at pumapatay ng lider-manggagawa. Bilyun-bilyon ang kita nito bawat taon, pero dahil sa pagkagahaman ay handa silang

*Sundan sa pahina 6*

## Ibalik sa trabaho ang Wyeth-Nestlé 145!

SUNUD-SUNOD NA PAGKILOS at aktibidad ang isinagawa ng mga manggagawa ng Wyeth-Nestlé at kanilang mga tagasuporta para igiit ang pagbabalik ng 140 manggagawa na iligal na tinanggal ng kumpanya noong Mayo 18 at limang iba pang manggagawang nauna nang tinanggal.

Nagprotesta noong Mayo 30 ang mga myembro ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPWU) sa harap ng Nestlé Cabuyao Factory bago tumungo sa Halang, Calamba, Laguna para sa pagdinig ng National Conciliation and Mediation Board ng Calabarzon. Itinaon ang pagkilos sa pangatlong pagdinig sa "notice of strike" na inihain ng unyon. Kasama nila sa pagkilos ang mga grupo ng kabataan, taong simbahan, ibang unyon at manggagawa, pederasyon, sentrong unyon, migrante at artista. Kasama sa kanilang panawagan ang pagbabalik sa trabaho ng mga manggagawang una nang sinisante noong Abril.

Samantala, inihain ng Makabayan Bloc ang House Resolution 1067 noong Mayo 31 sa kongreso. Layunin nitong imbestigahan ang di makatarungang "cost cutting at restructuring strategy" na ginagamit ng Nestlé para bigyang katwiran ang malawakang tanggalan.

Umani ang unyon sa Wyeth ng suporta at pakikiisa mula sa mga katulad nitong unyon ng Nestlé sa Cagayan de Oro City at Lipa City, Batangas. Noong Mayo 26, sumulat ang mga unyong ito sa Nestlé para igiit ang pagbabalik sa kapwa nilang manggagawa sa trabaho. Iginiit nila sa maneydsment sa Canlubang na isakatuparan ang ipinagmamalaki ng kumpanya na patakaran ng bukas na ugnayan at dayalogo para pangalagaan ang mga karapatan ng nagtatrabaho rito.

*Mula sa pahina 5*

magpahamak ng daan-daang manggagawa at kanilang mga pamilya," pahayag ni Bong Labog, tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno.

Bantog ang Nestlé sa buong daigdig sa mga paglabag sa mga karapatan sa paggawa. Sa katunayan, dalawang lider-unyon na ang pinatay ng Nestlé sa bansa at marami pang iba sa South America.

Malinaw sa mga manggagawa na ang layunin ng mga iligal na tanggalan ay ang mabuwag ang unyon. Ayon kay Romy, isa sa mga natanggal na upisyal ng unyon noong 2021: "Isang malaking hakbang 'yan dahil ang gusto nila ay mapalaki ang tubo. Kapag lumiit ang bilang ng mga regular at pinalitan ng kontraktwal, ang ibig sabihin, mas malaki ang tutubuin ng kumpanya dahil mas maliit ang sahod ng mga kontraktwal kumpara sa mga regular."

(Sa inisyal na pagtataya ng mga manggagawa noong 2019, kahit na malayong mas mataas ang sinasahod ng mga manggagawa sa Wyeth sa *minimum wage* sa Region 4-A, umaabot pa rin ng 800% ang tantos ng pagsasamantala sa kanila. Ang tinatanggap nilang arawang sahod ay katumbas lamang ng isang oras at anim na minutong pagtatrabaho sa pagawaan. Ang halaga ng dami ng produktong nililikha nila sa natitirang anim oras at 54 na minuto ay kita na ng Wyeth-Nestlé.)

### Mahalagang laban

Para sa WPPWU, maaaring ginagawa lamang silang modelo ng mga kapitalista para sa mas matindi pang atake sa kilusang paggawa. Kaya naman, mahalagang laban ito dahil higit sa kabuhayan ng kanilang pamilya ay laban nila ito para sa kanilang mga kapwa manggagawa.

Dagdag pa ni Faigmani, "hindi naman nila kami natakot sa pagtatanggal sa amin sa trabaho, ngayong tinanggal nila kami sa trabaho, lalong wala na kaming ibang pwedeng gawin kundi ipaglaban ang aming karapatan." AB

**Ibasura ang MIF.** Noong Mayo 31, tinugunan ng protesta ng mga progresibong grupo, sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan ang pagraratsada ng Maharlika Investment Fund sa senado. Isinagawa nila ang protesta sa harap ng Bangko Sentral ng Pilipinas sa Maynila para tutulan ang paggamit ng pinaghirapang pensyon at kontribusyon ng mga manggagawa at kawani sa maanomalyang MIF.

**Takdang welga sa Paperland.** Naghapag ng *notice of strike* (NoS) ang mga manggagawa ng Paperland Inc noong Mayo 26 matapos ma-*deadlock* ang negosasyon para sa *collective bargaining agreement* (CBA) nito para sa taong 2022-2025. Nagpasyang magwelga ang mga manggagawa matapos tanggihan ng maneydsment ang lahat ng hinihinging dagdag na probisyon sa ekonomya at pulitika sa binubuong CBA.

**Laban sa kwari sa Silay.** Nagpiket ang mga magsasaka ng Silay City noong Mayo 19 sa harap ng Provincial Environment Management Office (PEMO) sa Bacolod City para ipanawagan ang pagpapahinto sa mga operasyong kwari sa kanilang syudad. Nakipagdayalogo rin sila sa mga upisyal ng PEMO na nangakong bibisita at iimbestigahan nito ang kwari.

**Ungka, imbestigahan.** Nagpiket noong Mayo 24 sa harap ng Ungka Flyover ang iba't ibang progresibong grupo sa pangunguna ng Bayan-Panay kasama ang mga manggagawa, sektor ng transportasyon, mga taong simbahan, at mga propesyunal upang ipanawagan ang imbestigasyon at pagpapanagot sa likod ng palpak at maanomalyang konstruksyon ng kalsada.

# 770

magtutubo sa Batangas ang nakatanggap ng paunang **₱10,000** ayuda mula sa DSWD matapos itulak ni Rep. Arlene Brosas ng Gabriela Women's Party at liderato ng Kongreso.

Kabilang sila sa mga nawalan ng kabuhayan dulot ng pagsasara ng asukarera ng CADPI.

# ₱1.11 T

ang **nadagdag sa utang** ng Pilipinas sa unang taon ng rehimeng Marcos Jr.

Sa ngayon ay nasa **₱13.91 trilyon** na ang kabuuang utang ng bansa.

# 700



empleyado ng **Duty Free Philippines** ang sisipain dahil sa iskemang "right-sizing" ng estado.

Ayon sa mga manggagawa, nagbabadya ito ng pribatisasyon ng kumpanya.

# 104,117



bilang ng mga residenteng apektado ng pagdaan ng **Bagyong Betty** sa Pilipinas noong Mayo 31.

**Pinagkunan:** *NDRRMC*

# $100 milyon

pautang ng **World Bank** para buksan ang **26 lupang ninuno** sa Mindanao sa pandarambong ng dayuhan at lokal na mga kumpanya sa ngalan ng kaunlaran.

# 50 MILYON


**katao ang pwersahang pinagtatrabaho at itinuturing na mga "modernong alipin."**

Mahigit kalahati sa kanila ay matatagpuan sa 20 pinakamayayamang bansa.

**Pinagkunan:** *Walk Free Foundation*

# #MaharlikaInvestmentScam

nag-*trend* sa *social media* noong **Mayo 31** habang iniraratsada sa Senado ang panukala para sa pagbubuo ng maanomalyang **Maharlika Investment Fund**.





# ₱13.8 bilyon

winaldas ng AFP na pondo ng bayan para bumili mga helikopter na **T129B ATAK** na ginagamit sa walang pakundangang pang-iistraping at pambobomba sa mga sibilyang komunidad.

# Hulyo 1989

huling nagkaroon ng isinabatas na **dagdag-sahod**.

Naitulak noon ang kongreso na igawad sa harap ng malalaking pagkilos ng daanlibong manggagawa at kanilang mga unyon.

# Pagdurusa sa pribatisadong transmisyon ng kuryente

Habang nagdurusa ang mamamayang Pilipino sa palyadong serbisyong transmisyon ng kuryente sa ilalim ng National Grid Corporation of the Philippines (NGCP), kumikita naman ng malaki ang mga upisyal nito.

Noong Mayo 8, doble init ang naranasan ng mga residente ng Metro Manila, mga karatig-prubinsya at ilang bahagi ng Visayas sa ilang oras na malawakang nag-*brownout* dahil pumalpak ang mga *grid* (sistema ng mga kable at linya ng kuryente) ng NGCP. Ayon sa kumpanya, nagkulang ang suplay ng kuryente dahil pumalya ang limang *grid* nito at bumagal ang takbo ng tatlong iba pa. Malaking perwisyo ito sa daan-daang libong Pilipino. Sa Metro Manila pa lamang, apektado ang 300,000 konsyumer.


**Kita sa pagdurusa ng mamamayan**

Itinayo ang NGCP noong 2009 para isapribado ang operasyon, pagmantine at mga ari-arian ng National Transmission Corporation, isang *government-owned and -controlled corporation*. Bahagi ito ng Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) na ipinasa noong 2001.

Ibinenta ng noo'y rehimeng Arroyo ng NGCP sa konsorsyum na binubuo ng Monte Oro Grid Resources na kontrolado ngayon ni Henry Sy Jr, at Calaca High Power Corporation nina Robert Coyiuto Jr. at Pedro Goza. Ang 40% na sosyo ng NGCP ay binili naman ng State Grid Corporation of China, kumpanyang pag-aari ng gubyerno ng China. Ginawaran ang NGCP ng 25-taong konsesyon at 50-taong prangkisa. Nagbayad ang konsorsyum ng $3.95 bilyon sa estado, na mabilis na nabawi sa loob lamang ng apat na taon. Pagsapit ng 2015, lampas doble na sa orihinal na pamumuhunan ang kinita ng kumpanya.

Sa pagdinig sa senado, napagalamang umaabot sa ₱286 bilyon ang kita ng NGCP mula 2009. Ang ₱208 bilyon nito ay ibinigay sa mga may hawak ng sosyo ng kumpanya, at hindi ibinalik para paunlarin ang imprastruktura ng transmisyon. Lumaki ang kita ng kumpanya dahil sa taas ng singil nito sa serbisyo.

Kamakailan, iniulat ng Energy Regulatory Commission ang pagkaantala ng 72 proyekto ng NGCP para sa pagpapaunlad ng serbisyo, kabilang ang 33 nasa Luzon, 19 sa Visayas, at 14 sa Mindanao. Liban dito, anim sa 16 na mga proyektong pang-enerhiya na tinukoy nito bilang may "pambansang kahalagahan" ang hindi natapos ng korporasyon. Sa kabila nito, bahagi na ang naturang mga imprastruktura sa kinukolekta ng NGCP sa "transmission charge" simula 2020 at sinisingil sa mga konsyumer.



**Pribatisadong sektor ng kuryente**

Isa lamang ang transmisyon sa pribatisadong bahagi ng sektor ng kuryente. Sa ilalim ng EPIRA, malaking bahagi ng serbisyo ng kuryente, mula produksyon, transmisyon hanggang distribusyon ang hawak ng mga pribadong negosyo.

Sa sub-sektor ng produksyon ng kuryente, namamayagpag ang kumpanyang San Miguel Corporation, na pag-aari ni Ramong Ang. Hawak ng kumpanya ang 20.76% ng subsektor kasunod ang Aboitiz Power Corporation ng pamilyang Aboitiz na may 17.67% at FirstGen Power Corporation ni Federico R. Lopez na may 14.12% kontrol sa merkado.


Noong 2022, nakapagtala ang San Miguel Global Power Holdings Corp, subsidyaryo ng SMC sa kuryente, ng netong kita na ₱3.1 bilyon. Samantala, naitala ng APC ang 32% na paglaki ng netong kita nito tungong ₱27.5 bilyon.

Dominado naman ng Manila Electric Company (Meralco), pagaari ni Manny V. Pangilinan at pamilyang Lopez, ang sub-sektor ng distribusyon ng kuryente. Noong 2022, lumaki nang 21% ang netong kita ng kumpanya mula ₱23.5 bilyong tungong ₱28.4 bilyon. Kinokopo ng kumpanya ang halos 6.5 milyong kostumer sa buong bansa habang mayroong mga pribadong kumpanyang kumokontrol sa distribusyon sa ibang mga rehiyon.

Nang isabatas ang EPIRA, ipinangako nito ang pagkakaloob ng mura at maaasahang kuryente. Matapos ang higit dalawang dekada paglipas, tumataas ang singil at palpak ang serbisyo sa kuryente.

Kung ikukumpara noong 2001, lumaki nang halos 200% ang singil sa kuryente na ₱5.76 kada kWh tungong ₱11.4929 kada kWh ngayong Mayo 2023. Sa huling tala noong Disyembre 2021, kabilang ang Pilipinas sa pinakamataas ang singil sa kuryente sa Southeast Asia. Sa datos noong 2022, mas mataas din ang singil dito ($0.173 kada kWh) kumpara sa pandaigdigang abereyds na $0.168 kada kWh. AB

# Matrikula sa kolehiyo, pataas nang pataas




Pumapalo mula 2% hanggang 10% ang tantos ng pagtaas sa matrikula at iba pang bayarin (Tuition and Other Fees Increase o TOFI) sa mga isinampang petisyon ng mga pribadong pamantasan at unibersidad sa Commission on Higher Education (CHEd) para sa taong 2023-2024. Kung aaprubahan, papatong ito sa dati nang mabigat na pasanin ng mga estudyante at magulang.

Nasa abereyds na ₱130,000 ang kinakailangan kada taon para makapagpaaral ng isang estudyante sa kolehiyo. Hindi magkakasya, kahit igugol dito, ang buong taong kinikita (₱120,000) ng karaniwang manggagawang sumasahod ng minimum. May mga tayang umaabot sa ₱2 milyon ang kailangang gastusin para makatapos sa isang 4-taong kursong pangkolehiyo sa mayor na mga unibersidad ng bansa.

Malaking bahagi ng gastos sa edukasyon ang bayad sa matrikula, na walang awat na tumataas sa nakaraang mga taon. Noong akademikong taon 2017-2018, nagpatupad ng taas-matrikula sa 262 eskwelahan at nagtaas ng singil sa iba pang mga bayarin sa 235 institusyon. Ang abereyds noong taong iyon ay 6.69% o ₱86.68 kada yunit na pagtaas. Kahit noong kasagsagan ng pandemya (2021-2022), 56 na eskwelahan ang pinahintulutan ng CHEd na magtaas ng matrikula (tinatayang nasa 4.74% o ₱29.15 kada yunit) at ibang bayarin (10.61% o ₱50.51).

Karaniwang idinadahilan ng mga pamantasan sa pagtataas ay ang pangkabuuang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at para sa sahod ng guro at ibang empleyado. Ngunit ang katotohanan, itinataas ang matrikula at iba pang bayarin sa ngalan ng kita.

Noong Mayo 30, halimbawa, idineklara ng Centro Escolar University na sumirit nang 64% ang netong kita nito mula ₱116 milyon tungong ₱332 milyon mula Pebrero 2022 hanggang Pebrero ngayong taon. Ang kitang ito ay ipamamahagi ng unibersidad sa mga *shareholder* (may sosyo) nito sa anyo ng dibidendo. Ipinagmamalaki ng eskwelahan na ang kita ay mula sa pagtaas ng matrikula at ibang bayarin, na umaabot nang ₱120,000 kada semestre. Nagpetisyon ang CEU ng 4% na pagtaas ng matrikula para sa 2023.

Tumaas din nang 55.72% ang netong kita ng Far Eastern University noong 2022 tungong ₱1.538 bilyon. Sa kabila nito, nagpetisyon ito para sa 4% na pagtaas ng matrikula para sa taong 2023. Ang FEU ay pinamumunuan ni Aurelio Montinola III, isang negosyanteng dating hepe ng Bank of the Philippine Islands.

Dulot ng napakatataas na gastos sa edukasyon, lalong nalimita ang akses ng kabataan sa edukasyon. Naitala ng World Bank noong 2021 na sa bawat 10 kabataang pumapasok sa elementarya, isa lamang ang nakapagtatapos ng kolehiyo.

Bilang tugon, nagprotesta ang daan-daang estudyante noong Abril 28 sa CHEd upang pigilan ang pagtaas ng matrikula't ibang bayarin. Sa ilalim ng bandila ng Rise for Education (R4E), alyansa ng mga mag-aaral na nakikibaka para sa kanilang karapatan sa edukasyon, kinundena nila ang pagkaganid sa tubo ng mga kapitalista sa sektor ng edukasyon at ang CHEd bilang "business partner" ng mga ito.

**Taas-singil sa pampublikong pamantasan**


Sa pagtatapos ng moratoryum sa TOFI sa mga pampublikong pamantasan, pahihintulutan nang muli ng gubyerno ang mga *state universities and colleges* (SUCs) at *local universities and colleges* (LUCs) na magtaas ng mga singilin. Ibig sabihin, mangangailangan ito ng dagdag-pondo mula sa gubyerno para saklawin ang dagdag singilin sa mga estudyante sa bisa ng Free Tuition Act.

Dahil salat sa pondo ang edukasyon, itutulak ng gubyerno ang mga pampublikong pamantasan sa landas ng pribatisasyon at pagpapatupad ng "income generating schemes" tulad ng *socialized tuition* at pagpapagamit ng mga lupa nito sa pribadong negosyo. Hindi rin malayong babawasan at magiging limitado ang pahihintulutang makapasok sa mga pampublikong pamantasan para umangkop sa lumiliit na badyet.

Ang pagpapabaya ng estado sa edukasyon ay gumagatong sa malawakang galit ng mga kabataan sa buong bansa at nagtutulak sa kanila sa landas ng sama-samang pagkilos para ipagtanggol ang kanilang karapatan sa edukasyon. Nakatuon ang kanilang galit sa rehimeng Marcos na ngayo'y pangunahing sagka sa pagsulong ng tunay na pambansa, syentipiko, at makamasang edukasyon para sa lahat. AB

# G7 sa Hiroshima, pang-uudyok ng gera sa Asia-Pacific

Sinalubong ng protesta sa pangunguna ng International People's Front, International League of Peoples' Struggle at iba pang alyado nitong mga grupo ang naganap na pagpupulong ng mga lider ng mga bansa sa ilalim ng Group of 7 (G7) noong Mayo 19 hanggang Mayo 20 sa Hiroshima, Japan.



Isang porum ang inilunsad ng mga anti-imperyalistang organisasyon sa Kyoto, Japan noong Mayo 18. Doo'y inilantad ang pagmamaniobra ng US at iba pang malalaking bansa para paigtingin ang gerang *proxy* laban sa Russia at tutulan ang pinabibilis na militarisasyon ng Asia-Pacific para udyukan ang China.

Panawagan ng mga grupo na paigtingin ang pagtakwil sa G7 bilang isa sa instrumentong may malaking papel sa estratehiya ng imperyalistang US na mag-udyok ng gera sa iba't ibang bahagi ng daigdig. Isinasagawa ito ng US sa pamamagitan ng pagtatayo at pagpapalawak ng mga base militar, pagpaparami ng armas nukleyar, at pagpapatibay ng mga di pantay na mga kasunduan sa seguridad.

Ang G7 ay pinangungunahan ng US at binubuo ng malalaking kapitalistang bansa gaya ng United Kingdom, Canada, France, Germany, Italy at Japan. Isinasagawa ang taunang pulong nito para konsolidahin ang maka-US na bloke ng mga imperyalistang bansa at buuin ang mga patakaran para pahigpitin ang kontrol sa pulitika, ekonomya at militar sa kani-kanilang mga malakolonya.

**Militaristang adyenda**

Pangunahin sa adyenda ng ginanap na pulong ng G7 ang *proxy* ng US laban sa Russia sa Ukraine at pang-uudyok ng gera sa China.

Sa Ukraine, krusyal ang ayudang militar at pinansyal ng G7 para patagalin ang gera sa kapinsalaan hindi lamang ng mamamayang Ukrainian kundi ng mamamayan ng kani-kanilang mga bansa. Sa kabila ng sumisirit na pandaigdigang implasyon at mga hiyaw para sa subsidyo at dagdag-sahod ng kanilang mga manggagawa, nagawa pa ng mga presidente ng G7 na maglaan ng $115 bilyong ayuda para sa Ukraine upang ipagpatuloy ang gera.

Isinagawa ang pagpupulong ng G7 sa balangkas ng tuluy-tuloy na paghahanda ng US ng teatro ng digma sa Asia kontra China. Bahagi nito ang aktibong pagpupusisyon ng US ng mga tropa at armas at inilalatag ang sistema ng mga misayl sa tinagurian nitong "First Island Chain."

Ang pagdaraos ng pulong ng G7 sa Hiroshima ay pagsuhay sa papel ng Japan sa tumitinding militarismo sa rehiyon. Tulad ng US, ginagamit nito ang "banta" ng China at North Korea para palakasin ang sariling kapangyarihang militar. Kamakailan, dinoble nito ang badyet sa depensa para magparami ng armas at palakasin ang armadong hukbo, taliwas sa pagbabawal ng konstitusyon nito. Nagtutulak ito ng mga kasunduang militar sa iba't ibang bansa sa Asia para sa pagdeploy ng tropa at armas. Kabilang dito ang pagtutulak ng sariling Visiting Forces Agreement para sa paglabas-masok ng mga tropa nito sa Pilipinas.

Para idiin ang China, iginiit ng G7 na "walang batayang ligal" ang malawak na pag-aangkin ng China sa South China Sea at itinulak ang pagkilala sa UNCLOS at desisyon ng Arbitral Tribunal noong Hulyo 12, 2016 na pabor sa Pilipinas. Tinutulan nito ang militarisasyon ng China sa rehiyon, pero walang binanggit kaugnay sa papalaking presensyang militar ng US sa anyo ng paglalayag ng mga barko de gera, at paglulunsad ng mga *war game* kasama ang mga alyado nitong bansa. AB

### 2 tropa ng 91st IB, napatay sa isnayping ng BHB-Aurora

DALAWANG TROPA NG 91st IB ang napatay sa operasyong isnayp ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Aurora noong Hunyo 3, bandang alas-9 ng umaga sa ilog ng Diamuloc sa Barangay Punglo, Maria Aurora, Aurora. Sa maagap na pag-uulat ng masa na may operasyong kombat ang militar, agad nakapusisyon ang mga Pulang mandirigma at napatamaan ang nag-ooperasyong mga tropa.

Ayon sa yunit ng BHB, "ang masa rin ang susi para maaral ng mga kasama ang kalupaan at posibleng ruta ng operasyon. Patunay ito sa walang maliw na pagmamahal at pagtataguyod ng masa sa hukbong bayan."

Dahil sa kabiguan, walang pakundangang nagpaputok at nagpasabog ang militar sa lugar matapos ang insidente.